# 10 Bagay na Dapat Malaman Tungkol sa Bakuna sa Covid-19

## 1 Makakatulong ang mga bakuna na pigilan ang pagkalat ng Covid-19

Ang mga bakuna ay ligtas at mabisang paraan upang maiwasan ang pagkalat ng sakit at ito ay nakakapagligtas din ng buhay. Kapag nakakakuha tayo ng bakuna, hindi lamang natin pinoprotektahan ang ating mga sarili, kundi pati na din ang mga nasa ating paligid tulad ng ating mga pamilya at mga kaibigan. Ang ilang mga tao ay maaaring hindi makakuha ng mga bakuna dahil sa problema sa kanilang kalusugan. Umaasa sila sa karamihan na mabakunahan upang makatulong na maging mabagal ang pagakalat ng sakit.

## 2 Mayroon nang bakuna para sa Covid-19

Ang lungsod ng Long Beach at iba pang mga organisasyon ay nagsimula nang magbigay ng bakuna para sa Covid-19 sa maraming mga tao na nagsimula sa mga manggagawang medikal, sumunod ang mga taong nakatatanda, mga nagtuturo, at mga manggagawa sa pagkain. Ipagpapatuloy naming ilabas ang bakuna sa isang patas na pamamaraan sa lahat ng mga may gustong mabakunahan na sumusunod sa patakaran sa pederal at alituntunin ng estado.

## 3 Ang mga bakuna ay nakakatulong sa katawan upang labanan ang sakit

Ang mga bakuna ay mahalagang papel na ginagampanan sa pagpapatupad at pananatili ng isang malusog na katawan. Pinoprotektahan nito mula sa malubha at minsan na nakamamatay na sakit sa pamamagitan ng paghahanda ng imyun sistem (immune system) sa ating mga katawan na kilalanin ang ilang mga mikrobyo at labanan ang sakit. Ang bakunang Covid-19 ang pumuprotekta sa atin sa bayrus (virus) na sanhi ng Covid na kahit hindi tayo nagkakaroon ng sakit na Covid. Kung sa paglaon ay nagkaroon ang isang tao na makipagugnayan sa isang tao na may Covid, ang iyong imyun sistem (immune system) ay makakatulong sa iyo na hindi magkasakit ito.

## 4 Ang bakuna sa Covid-19 ay nagpakita na ligtas at epektibo laban sa Covid-19

Ang kaligtasan ang pinakamahalagang priyoridad pagdating sa pagkuha ng mga bakuna na naaprubahan. Natuklasan ng pananaliksik na ang mga bakunang ito ay ligtas at pinoprotektahan ang mga tao laban sa pagkakaroon ng sakit mula sa Covid-19. Ang bakuna ay hindi naglalaman ng Covid-19 bayrus (virus), kayat ang sinumang tao ay hindi maaring makakuha ng Covid-19 mula sa pagkuha ng bakuna.

## 5 Kailangan mong maghintay ng dalawang linggo matapos ng iyong pangalawang dosis ng Pfizer o Moderna, o dalawang linggo matapos ng unang dosis ng bakunang Janssen, upang ganap na mabakunahan

Ang iyong pangalawang dosis ay dapat maibigay ng 21-42 araw matapos ng unang dosis ng Pfizer vaccine, o 28-42 araw matapos ng iyong unang dosis ng bakunang Moderna. Magkakaroon ka ng buong proteksyon ng bakuna nang dalawang linggo matapos ng iyong pangalawang dosis ng Pfizer o Moderna, o dalawang linggo matapos ng unang dosis ng bakunang Janssen.

## 6 Maaari ka ding makakuha ng bakuna kahit nagkaroon ka na ng Covid-19 noong unang panahon

Inirerekumenda na ang lahat na pwedeng makakuha nang bakunang Covid-19 ay kumuha, kasama na ang mga taong naapektuhan na ng Covid-19. Posibleng makakuha ka ng Covid ng mahigit isang beses. Sa kadahilanang ang covid-19 ay maaring makapagbigay ng sobrang sakit sa isang tao, importanteng kahit na ang mga nagkaroon na ng bayrus dati ay kumuha pa din ng bakuna.

## 7 Maari kang magkaroon ng ilang pansamantalang epekto mula sa bakuna

Normal sa ilang mga tao na makaramdam ng sakit sa kanilang mga braso, magkalagnat, mapagod at manghina, o sakit ng ulo. Ang mga pansamantalang epekto ay maaring mawala makalipas ang 1 o 2 araw.

## 8 Kinakailangan pa ding magsuot ng maske at malaking pag-iingat para manatiling ligtas

Ang bakunang Covid-19, kasama ng iba pang mga hakbang para protektahan ang mga sarili at iba ay makakapagbigay tulong sa pag protekta sa Covid-19. Ang iba pang mga hakbang katulad ng pagsuot ng mga maske, paglayo ng pisikal, ay makakatulong sa pagbagal ng pagkalat ng bayrus.

## 9 Ang bakunang Covid-19 ay libre

Ang pagpapa bakuna ng Covid-19 ay libre at walang bayad.

## 10 Maaari mong malaman kapag ikaw na ang kasunod para makakuha ng bakuna

Alam ng marami na hindi lahat ay kaagad makakakuha ng bakuna ng Covid-19. Para sa karagdagang kaalaman upang malaman kung ikaw ay maari nang makakuha ng bakuna bisitahin at mag-sayn up sa MyTurn.ca.gov o tumawag sa (562) 570-info (4636).

LONG BEACH HEALTH & HUMAN SERVICES

CITY OF LONG BEACH

To request this information in an alternative format or to request a reasonable accommodation, please contact Health and Human Services at 562.570.7177. A minimum of three (3) business days is requested to ensure availability. Reasonable attempts will be made to accommodate request made within less than three (3) business days.